

Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon
LITURGY OF THE HOURS

PANALANGIN SA UMAGA

Ika-20 ng Marso, 2023

{ Kapistahan ni San Jose, Asawa ni Maria }



Paanyaya sa Panalangin

Tumayo at garwin ang tanda ng krus sa mga labi

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

— At pupurihin ka ng aking bibig.

Salmo 95

Ang Panawagan upang papurihan ang Diyos

Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin ng kapistahan ni San Jose.

— Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin ng kapistahan ni San Jose.

Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, Siya aawitan,
Ating paputihan ang batong kublihan nati’t kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

— Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin ng kapistahan ni San Jose.

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

— Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin ng kapistahan ni San Jose.

Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati’y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.

— Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin ng kapistahan ni San Jose.

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
“Iyang inyong puso’y huwag patigasín,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang

Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.

Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.

- Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin
ng kapistahan ni San Jose.

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinusuway!"

Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."

- Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin
ng kapistahan ni San Jose.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;

Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

- Purihin natin si Kristong Panginoon sa pagdiriwang natin
ng kapistahan ni San Jose.

Panalangin sa Umaga

AWIT

Kapangyarihan ng Diyos ay aking inaawit,
Na lumikha ng bundok, ng dagat at ng langit,
Sa karunungan niya, piano ay nakamit
Na araw, tala't buwan, may liwanag na hatid.

Akin ding aawitan ang kabutihan ng D'yos
Na lumikha sa lahat, may pagkaing kaloob,
Kahanga-hangang tunay, ang iyong idinulot,
Kahit saan lumingon, mata ko'y nalulugod.

Maging sa halamanan dangal mo'y nakikita,
Pati ang mga ulap, ay walang sumasalya,
Buhay mandin ay hiram, nasa 'yong pag-alala,
Kahit saan magpunta, tiyak na naroon ka.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1

Bawat umaga, Panginoon, binubusog mo kami ng iyong kabutihan.

Salmo 90

(Makapamuhay nawwa tayo sa kalirwanagan ng Diyos)

PANGINOON naming Diyos, ikaw ang aming tahanan,
Simula pa sa simulang lumitaw ang aming angkan;
Wala pa ang mga bundok, hindi mo pa nilalalang,
Hindi mo pa nililikha itong buong daigdigang,
Ikaw noon ay Diyos na, pagkat ikaw'y walang hanggan.

Yaong taong nilikha mo'y bumabalik sa alabok,
Sa lupa ay nagbabalik kapag iyong iniutos.
Ang sanlibong mga taon ay para bang isang araw,
Sa mata mo, PANGINOON, isang kisapmata lamang;
Isang saglit sa magdamag na ito ay dumaraan.

Mga tao'y pumapanaw na para mong winawalis,
Parang damo sa umagang tumubo sa panaginip.
Parang damong tumutubo, na may taglay na bulaklak,
Kung gumabi'y nalalanta't bulaklak ay nalalagas.

Sa tindi ng iyong galit, para kaming nauupos,
Sa simbuyo ng galit mo'y lubos kaming natatakot.
Yaong aming pagsalansang, sa harap mo'y nahahayag,
Lihim naming kasalanan ay kita mo sa liwanag.

Sa kamay mo'y nagwawakas yaong hawak naming buhay,
Parang bulong lamang ito na basta lang dumaraan.
Buhay nami'y umaabot ng pitumpung taong singkad,
Minsan nama'y umaabot ng walumpu, kung malakas;

Yaong buong buhay nami'y sakbibi ng dusa't hirap,
Pumapanaw pagkatapos, dito sa sangmaliwanag.
Ang lakas ng iyong galit sino kaya ang tatarok?
Sino kaya ang susukat niyong ibubungang takot?

Yamang itong buhay nami'y maikli lang na panahon,

Itanim sa isip namin upang kami ay dumunong.
Hanggang kailan pa ba, PANGINOON, titiisin yaring lagay
Nitong iyong mga lingkod, sa gitna ng kahirapan?

Kung umaga'y ipadama yaong wagas mong pag-ibig,
At sa buong buhay nami'y may galak ang aming awit.
Yaong naging hirap nami'y tumbasan mo ng ginhawa,
Singhaba rin ng panahon ang ipalit na ligaya.

Ipakita sa lingkod mo ang dakila mong gawain,
At sa sunod naming lahi, ipadama ay gayon din.
PANGINOON naming Diyos, kami sana'y pagpalain,
Magtagumpay sana kami sa anumang aming gawin!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Bawat umaga, Panginoon, binubusog mo kami ng iyong kabutihan.

Antipona 2

Ang buong daigdig nawa sa Diyos ay magpuri!

Awit: Isaias 42:10-16

(Matagumpay na Diyos at Tagapagligtas)

Isang bagong awit
Na ukol sa PANGINOON ay inyong awitin,
Ang buong daigdig sa kanya ay magpuri.

Yaong mga tao
Na nangaglalayag ay purihin siya,
Purihin siya ng lahat ng nilalang sa karagatan
At ang mga bansa
Sa baybaying dagat, magpuri sa kanya.

Kayo ay magdiwang,
Kayong nasa ilang, lahat ninyong bayan,
Mga taga-Kedar, kayo ay magdiwang;

Kayong taga-Sela,
Kayo'y magalak sa pag-aawitan,
Kayo ay umakyat

Sa tuktok ng bundok at kayo'y sumigaw.
Kayong nasa baybaying dagat,
Purihin ang PANGINOON at parangalan.

Siya ay lalabas,
Parang mandirigma na handang makikibaka,
Siya ay sisigaw
Bilang hudyat ng pagsalakay;
Ang kapangyarihan niya'y
Ipakikita sa mga kaaway.

Sinabi ng Diyos: “Mahabang panahong
Ako'y nanahimik,
Ngayo'y dumarating na ang oras para ako kumilos.
Ako ay sisigaw,
Parang manganganak
Na napapasigaw sa tindi ng kirot.

Ang mga bundok
At burol ay aking gigibain,
Malalanta ang mga damo at dahong-kahoy;
Ang mga ilog ay matutuyo at magiging ilang,
At ang mga lawa ay matutuyo rin.

Aakayin ko ang mga bulag,
Sa mga lansangang hindi pa nila natatahak;
Yaong kadiliman
Sa harapan nila'y gagawing liwanag,
At papatagin ko ang baku-bakong landas;
Ang lahat ng ito'y aking gagawin.”

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Ang buong daigdig nawa sa Diyos ay magpuri!

Antipona 3

Kayong mga nakatayo sa bahay ng Diyos, purihin ang ngalan ng
Panginoon.

Salmo 135:1-12

(Purihin ang Diyos dahil sa mga dakilang bagay niyang kaloob)

Ngalan niya ay purihin noong kanyang mga lingkod,
Ng lahat ng lingkod niyang sa templo ay pumapasok,
Upang doon manambahan sa banal na bahay ng Diyos.

Ang PANGINOON ay papurihan pagkat siya ay mabuti,
Ang taglay n'yang kabaitan ay marapat sa papuri.
Siya rin nga ang humirang kay Jacob na kanyang lingkod,
Ang Israel nama'y bansang hinirang n'ya at kinupkop.

Aking batid na ang PANGINOON ay ang Diyos na dakila,
Higit siya sa alinmang diyus-diyusang naglipana;
Ang anumang hangad niya sa langit man o sa lupa,
At kahit sa karagatan, kung anumang kanyang nasa,
Ginaganap niya ito, sa sariling pagkukusa.

Nilikha n'ya yaong ulap na laganap sa daigdig,
Maging bagyong malalakas na may kidlat na mabilis;
Sa kanya rin nagmumula yaong hanging umiihip.

Pinukxa n'ya sa Egipto yaong anak na panganay,
Maging tao't maging hayop ang panganay ay namatay.
Nagpamalas siya roon ng gawang kahanga-hanga,
Upang kanyang pagdusahin si Farao't kanyang bansa.

Marami rin naman siyang winasak na mga bansa,
At maraming mga haring pawang bantog ang pinukxa.
Yaong haring Amorreo na si Sehon ang pangalan,
At ang haring ang ngala'y Og, isang haring taga-Basan,
At iba pang mga hari na pinukxa sa Canaan.
Ang lupain nila roon ay kinuha at sinamsam,
Ibinigay sa Israel, ang bayang kanyang hirang.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Kayong mga nakatayo sa bahay ng Diyos, purihin ang ngalan ng
Panginoon.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

Exodo 19:4-6a

Tulad ng pangangalaga ng isang agila sa kanyang mga inakay, kayo’y aking kinupkop. Kung susundin ninyo ako at hindi kayo sisira sa pakikipagtipan ko sa inyo, kayo ay magiging bayan kong hinirang. Ang buong daigdig ay akin ngunit kayo’y aking itatangi. Kayo’y gagawin kong bayan ng mga saserdote na maglilingkod sa akin, nakatalaga sa akin.

Tugunan

Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

— Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

Mula sa mga taong sa aki’y manlilinlang sa pamamagitan ng kasinungalingan,

— at mula sa bitag ng kaaway.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ililigtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

Tumayo

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona

Nanirahan si Jose sa bayan ng Nazaret upang maganap ang sinabi ng mga propeta tungkol sa Kristo: Tatawagin siyang isang Nazareno.

Lukas 1:68-79

Gumarwa tanda ng krus

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka’t nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang
Tagapagligtas,

Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta

noong una,

Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwang niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Nanirahan si Jose sa bayan ng Nazaret upang maganap ang sinabi ng mga propeta tungkol sa Kristo: Tatawagin siyang isang Nazareno.

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Papuri kay Hesus na ating Manunubos; sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, binuksan niya para sa atin ang daan ng kaligtasan. Ating hilingin sa kanya:

- Panginoon, gabayan ang iyong bayan sa landas ng kaligtasan.

Diyos ng awa, pinagkalooban mo kami ng bagong buhay sa

pamamagitan ng binyag,
gawin mong kami'y umunlad araw-araw na sa iyo'y tumutulad.

- Panginoon, gabayan ang iyong bayan sa landas ng kaligtasan.

Ang aming gawang kabutihan nawa ngayo'y magbigaygalak sa mga nangangailangan,
sa pagtulong sa kanila, ikaw nawa ang aming matagpuan.

- Panginoon, gabayan ang iyong bayan sa landas ng kaligtasan.

Tulongan mo kaming gumawa ng mabuti, ng tama at ng totoo sa iyong paningin,
at buong pusong ikaw ang laging hanapin.

- Panginoon, gabayan ang iyong bayan sa landas ng kaligtasan.

Patawarin ang aming kasalanang labag sa pagkakaisa ng iyong angkan,
pag-isahin kami sa diwa't kalooban.

- Panginoon, gabayan ang iyong bayan sa landas ng kaligtasan.

Ama Namin

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Ama,
ipinagkatiwala mo ang aming Tagapagligtas
sa pangangalaga ni San Jose.
Sa tulong ng kanyang mga panalangin,
maipagpatuloy nawa ng iyong Simbahan
ang paglilingkod sa Panginoong Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

Paghayo

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, ilitas tayo mula sa lahat ng
kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila



mobile prayers



UNITED STATES OF AMERICA

www.ebreviary.com